

PAUNAWA SA HALALAN

IPINAPABATID SA LAHAT na gaganapin ang isang Pangkalahatang Halalang Pambayan sa Lungsod ng Lemon Grove sa Martes, Nobyembre 3, 2026, para sa mga sumusunod:

- Para sa dalawang (2) miyembro ng Konseho ng Lungsod (Buong termino na apat (4) na taon)
- Para sa isang (1) miyembro ng Konseho ng Lungsod (Hindi natapos na termino na dalawang (2) taon)
- Panukalang Balota ng Paninindigang Sinimulan ng Mamamayan: Lemon Grove Bird Initiative

Ang mga pagpapahayag ng kandidatura at iba pang kinakailangang dokumento ng nominasyon para sa mga kuwalipikadong kandidatong nagnanais tumakbo para sa isang halalang posisyon ay maaaring kunin at isumite sa Lungsod ng Lemon Grove na matatagpuan sa 3232 Main Street, Lemon Grove, CA 91945 sa o pagkatapos ng Hulyo 13, 2026 sa ganap na 7:30 a.m., at dapat isumite sa parehong lokasyon nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa Agosto 7, 2026. Kung ang isang kuwalipikadong kasalukuyang nanunungkulan ay hindi magsumite ng pagpapahayag ng kandidatura pagsapit ng 5:00 p.m. sa Agosto 7, 2026, ang sinumang kuwalipikadong tao maliban sa kasalukuyang nanunungkulan ay magkakaroon hanggang 5:00 p.m. sa Agosto 12, 2026 upang magsumite ng pagpapahayag ng kandidatura (at iba pang kinakailangang dokumento) para sa naturang katungkulang napanalunan sa halalan. Ang mga interesadong indibidwal na nagnanais tumakbo para sa isang halalang posisyon ay kinakailangang mag-iskedyul ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag kay Joel G. Pablo, Kawani sa Lungsod, sa pamamagitan ng telepono sa (619) 825-3841 o sa pamamagitan ng e-mail sa jpablo@lemongrove.ca.gov. Ang pagpapalawig na ito ay hindi naaangkop kung walang kasalukuyang nanunungkulan na kuwalipikadong mahalal.

Kung walang sinuman o iisang tao lamang ang nominado para sa isang katungkulang napanalunan sa halalan, maaaring maghirang ng isang tao sa katungkulang napanalunan sa halalan alinsunod sa itinakda ng § 10229 ng California Elections Code.

/s/: Joel G. Pablo, Kawani sa Lungsod

Lungsod ng Lemon Grove